

**International Child Protection Certificate (ICPC)
(Pang-internasyonal na Katibayan ng Proteksiyon ng Bata)**

Ano ang ICPC at bakit ipinatupad ito?

Binuo ng National Crime Agency ng UK at ng ACRO Criminal Records Office ang ICPC. Ang ICPC ay tumutulong sa pagprotekta ng mga bata sa labas ng UK laban sa banta ng mga UK nationals o mga taong dating tumira sa UK na naglalakbay sa ibang bansa upang mapalapit sa mga batang walang kakayahang magdependa sa sarili. Maaaring ang mga taong ito ay nag-aastang gumawa ng seksuwal na pang-aabuso, pisikal o sikolohikal na pinsala, at/o pagpapabaya. Ang mga salaring ito ay direktang nakikipag-ugnayan sa mga bata sa pamamagitan ng kanilang trabaho, pagboboluntaryo at mga gawaing karidad. Ang layunin ng ICPC ay pigilan sila sa pagsagawa nito.

Ang ICPC ay isang pagsisiyasat sa mga tala ng krimen na hawak ng pulis at intelligence databases sa UK. Maaari itong hilingin ng mga organisasyon para sa lahat ng UK nationals (gayundin sa mga hindi UK nationals na dating tumira sa UK) na naghahanap ng trabahong may kaugnay sa mga bata sa labas ng UK. Ang ICPC ay maaari ding hilingin para sa mga taong nagtrabaho na sa pagtulong sa mga bata.

Kapag ginamit kaalinsabay sa mga umiiral na matibay na mga kaparaanan ng pansanggalang, makakatulong ang ICPC sa mga paaralan at ibang mga organisasyon sa labas ng UK na gumawa ng kanilang pasiya batay sa posibleng panganib na maidudulot sa mga bata, at mapipili lamang nila ang mga taong nararapat.

Sa paglakip ng ICPC sa inyong paghirang ng empleyado, magkakaroon kayo ng karagdagang pananggalang sa inyong mga tinataag nang pamamaraan. Magiging mahalagang hakbang ito sa pagprotekta ng mga bata laban sa mga taong nagbabalak na mang-abuso at magsamantala sa kanila.

Ano ang ipapakita ng sertipiko?

Ang sertipiko ay maglalaman ng detalye ng anumang nagawang krimen ng isang tao sa UK, at maaaring maglalaman din ito ng napatunayang ginawang krimen sa ibang bansa, kung ang gayong impormasyon ay kasama sa pakikipagpalitan ng UK sa bansang iyon. Bilang bahagi ng proseso ng ICPC, gagawa ang NCA ng pagtatasa sa impormasyong hawak nila, at ibubunyag sa sertipiko ang anuman na sa tingin nila ay nauugnay sa kapakanan ng bata.

May dalawang bahagi ang sertipiko:

- Bahagi 1 – Pagbubunyag ng anumang napatunayang pagkakasala, mga parating na paglilitis, mga babala, mga mahigpit na pangaral at mga kasalukuyang imbestigasyon na hawak ng UK police databases (nasa pag-iingat ng pulisia ng UK) kaalinsunod sa [ACRO step-down model](#).
- Bahagi 2 – Paglakip ng anumang impormasyon na tinasang may kaugnayan at may batay sa pagbubunyag ng NCA upang maipabatid ang posibleng panganib na idudulot ng aplikante sa mga bata o mga kabataan.

MAHALAGA: Ang sertipiko ng ICPC ay hindi makapagsasabi na ang aplikante ay bagay magtrabaho sa mga bata. Sa halip, ito ay dapat isama bilang karagdang tulong sa maypatrabaho sa pagpasiya nito, kaakibat ng kanilang mga kinaugaliang pamamaraan ng pananggalang.

Papaano ipapatupad ng mga paaralan at organisasyon ang ICPC?

Upang magamit ang proseso ng ICPC, ang isang organisasyon ay dapat:

- masasabing nagtatrabaho **sa** mga bata;
- humirang ng mga empleyado o mga boluntaryong nagmula sa UK, lakip ang mga taong dating tumira sa UK;
- walang pormal na kaugnayan sa UK at hindi makakagamit ng UK Disclosure and Barring Service (DBS).

Ang taong naghahanap ng trabaho ang magbabayad sa sarili niyang sertipiko ng ICPC. Makikita sa www.acro.police.uk/icpc kung magkano ang bayad. Ang sertipiko ay maibibigay lamang sa kahilingan ng aplikante; hindi ito maaaring hilingin ng maypatrabaho para sa aplikante. Inirerekomenda sa mga organisasyon na himukin ang mga empleyado na maglaan ng ICPC kasama ng kanilang pagsusuri bago magsimula sa trabaho (pre-employment checks). Kung ang empleyado ay nagtrabaho na, maaari din itong maglaan ng ICPC bilang bahagi ng kanilang kasalukuyang pamamaraan ng pagsusuri (on-going vetting procedure).

Kapag gustong hilingin ng isang maypatrabaho na maglaan ang aplikante o empleyado ng sertipiko ng ICPC, maaari silang idirekta sa ACRO website (www.acro.police.uk/icpc) upang kumpletuhin ang pormularyo. Makikita din sa website ang pagpatnubay sa proseso.

Makikita lamang sa sertipiko ng ICPC kung ano ang nasa talaan ng pulisia at ng impormasyong kabatiran (intelligence databases) sa petsa ng paghiling nito; ang anumang mga pagkakasala na itinala pagkaraan ng petsang ito ay hindi maisasama. Nasa sa maypatrabaho kung gaano nila kadalas hingan ang kanilang empleyado ng panibagong ICPC.

Maaaring gawin ng organisasyon ang paghaharap ng aplikasyon para sa kanilang mga tauhan. Gayunpaman, ang aplikasyon ay dapat kumpletuhin at pirmahan ng mismong aplikante. Ipapadala ang ICPC nang direkta sa aplikante lamang; hindi ito maaaring ipadala sa organisasyon.

Pakitandaan na ang mga organisasyon sa labas ng UK na maaaring humingi ng DBS checks ay hindi maaaring magpayo sa mga aplikante o kasalukuyan nilang empleyado na kumuha ng ICPC. Sa halip, ang aplikasyon sa pamaraang DBS ang dapat gamitin.

Kung kailangan ng dagdag pang impormasyon tungkol sa ICPC, pakitingnan sa: www.acro.police.uk/icpc.